Ang mga mananampalataya ay nagkita-kita sa Templo. Maraming himala ang patuloy na nangyayari, na kung saan, ang mga taong may karamdaman na nakaratay ay nilalabas sa kalye, sa pag-asang kahit man lang ang anino ni Pedro ay sumaklaw sa kanila habang siya'y dumaan sa kanila. Dumating ang mga taong galing sa karatig-bayan malapit sa Jerusalem, dala-dala nila ang may karamdaman, at lahat ng may karamdaman ay gumaling. (Mga Gawa 5)

Ipinangaral ni Felipe ang tungkol kay Hesus sa lungsod ng Samaria. Pinakinggan ng mga Samaritano ang mensahe ni Felipe dahil sa mga kababalaghan na kanyang ginawa. Masasamang espiritu ay umalis sa taong inalihan, malaking bilang ng mga tao na may kapansanan ay gumaling. Isang kababalaghan upang magkaroon ng malaking kagalakan sa lungsod na iyon. (Mga Gawa 8)

Binisita ni Pedro ang iglesia sa maraming lugar. Sa Lida, nakita niya ang isang lalaking nagngangalang Eneas, isang paralitiko na walong taon nang nakaratay. Sinabi ni Pedro sa kanya, "Eneas, pinagaling ka ni Hesukristo. Tumayo ka at iligpit ang iyong tulugan." Tumayo kaagad si Eneas. Nakita iyon ng mga tao sa lugar na iyon at sila'y nanampalataya sa Panginoon. (Mga Gawa 9)